Simula Abril 1, 2026

Ipapatupad na and Blue Ticket System para sa Bisikleta

# Kahit wala kang Lisensiya Isa ka pa ring Driver

**Sundin ang batas at gamitin ang inyong bisekleta ng may pag - iingat**




## GABAY SA IMPLEMENTASYON NG BLUE TICKET

Ayon sa batas, kung nakitaan ng paglabag ay magbibigay agad ng babala ang pulis, ngunit kung ang paglabag ay delikado at nagdudulot ng kapahamakan sa kalsada, ito ay mabibigyan ng kaparusahan

### Paggamit o paghawak sa selpon habang nag bibisekleta




### Hindi Pagsunod sa ilaw pantrapiko




https://www.npa.go.jp/bureau/traffic/bicycle/portal/index.html

**Ahensiya ng Pambansang Pulisya**

**Pulis ng Prepektura ng Aichi**

交通ルールを守って
つながる笑顔


TRAFFIC INFRACTION NOTIFICATION PROCEDURE

# Gabay sa Implementasyon at Pagpapatupad ng Blue Ticket System



Ayon sa batas, kung may nakitang paglabag sa batas pantrapiko, ang mga pulis ay kailangang magbigay agad ng babala at gabay sa mismong lugar. Ngunit sa pagkakataon na ang bayolasyon ay magdudulot ng aksidente o kaya ay magiging sagabal sa kalsada at sa mga taong gumagamit nito, kinakailangan ng ipatupad ang batas at magbigay ng Blue Ticket. Kapag nabigyan na ng Blue Ticket, ito ay hindi na maaring palitan o bawiin.

## Ano ba ang Traffic Infraction Notification Procedure?




Kung ang nagbibisekleta ay nasa edad 16 na taong gulang pataas at nahuli dahil sa isang bayolasyon, siya ay mabibigyan ng BLUE TICKET at isa pang resibo kung saan nakasulat ang mga detalye ng bayolasyong nagawa. Dito rin nakasulat kung magkano ang multang kailangang bayaran at kung hanggang kailan ito dapat bayaran. Kung makakapag bayad agad, ay agad matatapos ang kaso at hindi na kinakailangan pang dumadan pa sa korte at iba pang pagdinig. Ang bayolasyon ay hindi rin mag-iiwan ng Criminal record.

★Ayon sa Road Traffic Act, upang matawag na bayolasyon ang isang paglabag, ito ay kinakailangang nakita ng isang pulis upang mapatunayang ito ay labag sa batas o hindi, katulad ng hindi pagtigil sa pulang ilaw, hindi paghinto sa tamang hintuan at iba pang katulad na bayolasyon.

## Bayolasyong Pangtrapiko

**Bayolasyon**



**BLUE TICKET**

- **Pagbayad ng multa** → **Case Closed**
- **Hindi pagbayad ng multa**

## Bayolasyong Kriminal

**Seryosong Paglabag o Aksidente**

★**Seryosong Paglabag-** Pagbibisekleta habang nakainom ng alak, Pagiging sagabal o dahilan ng aksidente sa kalsada, paggamit ng selpon habang nagbibisekleta, Hit and run at iba pang katulad na bayolasyon



**RED TICKET**

- ➢ Pagpapatawag mula sa korte
- ➢ Imbestigasyon
- ➢ Pagharap sa korte,
- ➢ pagbabayad ng multa etc.

## MGA HALIMBAWA NG BAYOLASYON AT MULTA

### 12,000 YEN
- Paggamit/paghawak ng selpon habang nagbibisekleta

### 7,000 YEN
- Pagpasok sa riles habang sarado o nagsasara na ang gate

### 6,000 YEN
- Hindi pagtigil sa pulang ilaw (Hindi pagsunod sa ilaw pantrapiko)
- Pagbalewala sa safe driving o obligasyon bilang driver
- Hindi pagsunod sa tamang gamit ng daan (counterflow, pagbisekleta sa sidewalk etc.)
- Pagharang sa mga tumatawid at kapwa nag bibisekleta

### 5,000 YEN
- Hindi pagtigil sa tamang hintuan
- Pagbibisekleta ng walang ilaw
- Paggamit ng sira or depektibong bisekleta

### 3,000 YEN
- Pagbibisekleta ng magkatabi sa daan
- Pag-aangkas ng 2 tao o pagkarga ng malalaking bagay

## ANO ANG BICYCLE RIDER TRAINING?

Kung ang isang taong nagbibisekleta ay paulit-ulit na nagkaroon ng bayolasyon at nagdudulot ng panganib sa kalsada, siya ay uutusang sumailalim sa Bicycle Rider Training upang maiwasan ang lalo pang pagiging sagabal at panganib sa kalsada. Kung hindi susunod sa kautusang ito, siya ay pagmumultahin ng 50,000.

Sagabal at Panganib sa Kalsada: Hindi pagsunod sa batas trapiko katulad ng: Hindi pagsunod sa ilaw pantrapiko, hindi paghinto sa tamang hintuan, paggamit ng selpon habang nag bibisekleta at iba pang katulad bayolasyon